# Kabanata 5
## Pagbubuntis, Panganganak, Pag-aalaga ng bata, Pamilya



Kobaton,mascot ng Saitama


**1 Public Health Centers**
**2 Pagbubuntis, Panganganak at Pag-aalaga ng bata**
**3 Mga Bakuna**
**4 Nurseries at Nintei Kodomo-en (Centers para sa pag-aalaga at edukasyon ng maliit na mga bata)**
**5 Pasilidad para sa paalagaan ng mga bata, Suporta para sa mag-iina lamang na pamilya, at Pasilidad sa panganganak**
**6 Suporta para sa gastusing medikal ng mga bata**
**7 Suporta para sa mga bata**
**8 Suporta para sa pamilya**
**9 Tanggapan para sa Konsultasyon tungkol sa mga bata**
**10 Support centers sa mga distrito sa pag-aalaga ng mga bata**
**11 Support Centers para sa pamilya**
**12 Center para sa mga Bata**


---

### 1 Public Health Centers

Ang mga pampublikong health centers sa Saitama ay nagbibigay ng mga sumusunod na serbisyo:

- Konsultasyon sa espesyalista at pagpapayo sa mga may sakit na intractable o rare diseases, tuberculosis, nakakahawang sakit, problema sa mental na kalusugan at iba pa.
- Pagsusuri sa AIDS at STD(Sexually Transmitted Disease) at Hepatitis Virus at iba pa;
- Konsultasyon sa ligtas na pagpapagamot
- Konsultasyon sa aso at iba pang mga hayop;
- Pagpapayo at suporta sa mga nagpapagaling laban sa droga;
- Konsultasyon at pagsusuri ng pagkain at tubig para sa mabuting kalusugan

## ☎ Maaring tawagan para sa konsultasyon at iba pang impormasyon :

**【Public Health Centers sa Saitama Prefecture】**

| Tanggapan | Telepono | Sakop na mga area | Oras |
|---|---|---|---|
| Nanbu Public Health Center | 048-262-6111 | Warabi-shi, Toda-shi, | Lunes -Biyernes 8:30 – 17:15 (maliban kung pista opisyal at Bagong Taon) |
| Asaka Public Health Center | 048-461-0468 | Asaka-shi, Shiki-shi, Wako-shi, Niiza-shi, Fujimi-shi, Fujimino-shi, Miyoshi-machi | |
| Kasukabe Public Health Center | 048-737-2133 | Kasukabe-shi, Matsubushi-machi | |
| Soka Public Health Center | 048-925-1551 | Soka-shi, Yashio-shi, Misato-shi, Yoshikawa-shi | |
| Konosu Public Health Center | 048-541-0249 | Konosu-shi,Ageo-shi,Okegawa-shi, Kitamoto-shi, Ina-machi | |
| Higashi-Matsuyama Public Health Center | 0493-22-0280 | Higashi-Matsuyama-shi,Namegawa-machi, Ranzan-machi, Ogawa-machi, Kawajima-machi, Yoshimi-machi,Tokigawa-machi, Higashi-Chichibu | |
| Sakado Public Health Center | 049-283-7815 | Sakado-shi, Tsurugashima-shi, Moroyama-machi, Ogose-machi, Hatoyama-cho | |
| Sayama Public Health Center | 04-2954-6212 | Tokorozawa-shi, Hanno-shi, Sayama-shi Irima-shi, Hidaka-shi | |
| Kazo Public Health Center | 0480-61-1216 | Gyoda-shi, Kazo-shi, Hanyu-shi | |
| Satte Public Health Center | 0480-42-1101 | Kuki-shi, Hasuda-shi, Satte-shi, Shiraoka-shi, Miyashiro-machi, Sugito-machi | |
| Kumagaya Public Health Center | 048-523-2811 | Kumagaya-shi, Fukaya-shi, Yorii-machi | |
| Honjo Public Health Center | 0495-22-6481 | Honjo-shi, Misato-machi, Kamikawa-machi, Kamisato-machi | |
| Chichibu Public Health Center | 0494-22-3824 | Chichibu-shi, Yokoze-machi, Minano-machi, Nagatoro-machi, Ogano-machi | |

**【Public Health Centers sa Lungsod】**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Saitama City Public Health Center | 048-840-2205 | Saitama-shi | Lunes -Biyernes 8:30 – 17:15 (Maliban kung pista opisyal at Bagong Taon) |
| Kawagoe City Public Health Center | 049-227-5101 | Kawagoe-shi | |
| Koshigaya City Public Health Center | 048-973-7530 | Koshigaya-shi | |
| Kawaguchi City Public Health Center | 048-266-5557 | Kawaguchi-shi | |

## 2 Pagbubuntis, Panganganak at Pag-aalaga ng bata

### (1) Sertipikasyon ng pagbubuntis at Health Handbook ng Sanggol at Ina

Kapag nakumpirma ang pagbubuntis, ipasa ang abiso sa inyong munisipyo o ward office sa lalong madaling na panahon at kayo ay bibigyan ng Health Handbook ng sanggol at ina (sa Nihonggo) kasama ng isang public expense voucher para sa iyong pre-natal checkup. Bago ang panganganak, ang Health handbook ng sanggol at ina ay ginagamit para sa pagtatala ng kalusugan ng ina at kanyang magiging anak. Matapos manganak, ito ay ginagamit para maitala ang kalusugan at bakuna ng bata. Kailangang dalhin ito tuwing may chekup at sa panganganak. Lahat ng mga banyagang residente ay maaaring bigyan ng handbook sa kabila ng kanilang estado ng paninirahan.

### (2) Edisyon ng Health Handbook ng Sanggol at Ina sa iba't ibang wika

Ang organisasyon para sa kalusugan ng sanggol at ina ay nagsagawa din ng mga handbook sa banyagang wika (English, Chinese, Portuguese, Spanish, Korean, Thai, Indonesian, Tagalog, Vietnamese, at Nepali) na may kasamang Nihongo text.

Ang handbook ay maaari ding mabili sa internet, tingnan ang website ng (Hon no Rakuiku Mantendo). Para sa detalye, kontakin ang Hon no Rakuiku Mantendo.

### ☎ Maaring tawagan para sa konsultasyon at iba pang impormasyon :

| Tanggapan | Contact | Pagtanggap ng tawag sa Telephono |
|---|---|---|
| Hon no Rakuiku Mantendo | https://www.ecur.co.jp<br>Tel：03-4334-1163 | Lunes – Biyernes (Maliban pag pista opisyal at Bagong Taon)<br>9:00 - 12:00<br>13:00 - 17:00 |

### (3) Suporta para sa mga buntis at mga bata

① Prenatal Health Checkups: Ang mga buntis ay maaaring magpa-prenatal checkup ng libre para masiguro ang kanilang kalusugan at ng kanilang sanggol.

② Maternity Classes (pag-aaral para sa magiging magulang): Ito ay nagtuturo sa mga bagong nanay tungkol sa pag-alaga ng kanilang kalusugan habang buntis, pag-aayos para panganganak, at pag-aalaga sa bagong silang na sanggol.

③ Konsultasyon sa pag-aalaga ng sanggol : Isang nars o kumadrona, base sa iyong kahilingan, ang pupunta sa inyong bahay para maggabay at magpayo sa anumang katanungan na meron kayo sa inyong sanggol. Ang serbisyong ito ay binibigay sa unang 28 na araw matapos ang panganganak.

④ Pagbisita sa mga tahanang may bagong silang na sanggol : Isang nars ang pupunta sa mga bahay na may sanggol na may edad na 4 na buwan, makikinig sa mga alalahanin at magbibigay ng mga impormasyon na kailangan para maging isang mabuting magulang.

⑤ Mga regalong suporta sa panganganak/pagpapalaki ng bata ibibigay. Sinumang nagpasa ng abiso sa pagbubuntis o panganganak ay makakatanggap ng mga benepisyong suporta, kupon, atbp. para sa pagbili ng mga gamit na nauugnay sa panganganak at pagpapalaki ng bata.

⑥ Pagtanggap ng minsanang kabayaran bilang suporta sa panganganak at pag-aalaga ng bata : Sinuman na nakatala sa National Health Insurance ay makakatanggap ng minsanang kabayaran para makatulong sa mga gastusin ng panganganak at pagkatapos manganak ayon sa nakalagay sa aplikasyon ng pagbabayad. Para sa karagdagang detalye, makipag-ugnayan sa tanggapan ng National Health Insurance Division ng iyong munisipyo o ward office, o kaya sa National Health Union kung saan kayo kasapi.

Kung kasapi sa isang Employee's Health Insurance plan, maaari din kayong makatanggap ng minsanang bayad para makatulong sa gastos ng panganganak. Para sa dagdag na detalye, magtanong sa inyong kumpanya.

Para sa dagdag na impormasyon sa detalye ng ①～⑤, makipag-ugnayan sa Seksyon ng pangkalusugan ng Sanggol at Ina sa inyong munisipyo o ward office, o sa public Heath Center.

**(4) Pag-aaral para sa pag-alaga ng bata**

Mayroong klase na binubuksan para maturuan ang mga nanay kung paano mag-alaga ng bagong panganak na sanggol. Para sa detalye, tumawag o magsadya sa Seksyon para sa pangkalusugan ng Sanggol at Ina sa inyong munisipyo o ward office, o sa public Heath Center.

**(5) Checkup para sa kalusugang pisikal at dental ng sanggol**

Ang mga munisipyo ay nagbibigay ng libreng checkup para sa kalusugang pisikal at dental ng mga sanggol at maliliit na mga bata na may edad na 3-4 buwan, 18 buwan, at 3 taong gulang. Ang bilang ng mga edad ng bata ay maaaring maiba depende sa patakaran ng lokal na munisipyo. Dalhin ang inyong Health Handbook para sa Sanggol at Ina sa checkup. Para sa dagdag na impormasyon, makipag-ugnayan sa Seksyon para sa pangkalusugan ng Sanggol at Ina sa inyong munisipyo o ward office, o sa public Heath Center.

**(6) Pagsusuri sa inherited metabolic disorders at iba pa**

Sa Saitama Prefecture, sinusuri namin ang mga bagong ipinanganak na mga sanggol upang maagang matuklasan ang sakit sa kalikasan at upang maagang maigamot. Maaari naming gawin ang mga check up para sa 20 na sakit. Ang mga sakit na ito ay bihirang mangyari ngunit kung ang pagtuklas at paggamot ay nahuli, maaring maging sanhi ng huling pag lago ng isip at pisikal na katawan. Subalit, kung ang sakit na maagang natagputan at may wastong paggamot, maaari nating maiwasan ang mga sintomas na karamihan sa mga sakit na ito. Kasalukuyan, ang karamihan ng lahat ng mga sanggol ay dumadaan ng pagsusuri. Para sa mga detalye, mangyaring mag tanong sa Kagawaran ng Kalusugan at Kagalingan ng Saitama Prefecture**.**

**(7) Suporta para sa gastusin ng fertilization test**

Depende sa munisipyo, may subsidy para sa mga mag asawa na magkasamang sumailalim sa infertility testing, at mga rehistradong residente ng Saitama Prefecture na legal na kasal o nasa de facto/commonlaw marriage. Para sa detalye, makipag ugnayan sa Mother and Child Health Care Division ng inyong munisipyo o sa inyong lokal na pampublikong health center.

**(8) Suporta para sa gastusin dahil sa recurrent pregnancy loss**

Depende sa munisipyo, may subsidy para sa mga mag asawa na sumailalim sa pagsusuri para sa sanhi ng paulit ulit na pagkawala ng pagbubuntis, at mga rehistradong residente ng Saitama Prefecture na legal na kasal o nasa de facto/common law marriage. Para sa detalye, makipag ugnayan sa Mother and Child Health Care Division ng inyong munisipyo o sa inyong lokal na pampublikong health center.

---

**3 Mga Bakuna**

Ang mga bakuna ay tumutulong para lumakas ang ating resistenya laban sa mga sakit at maiwasan ito ganundin ang pagkalat ng mga sakit.

Ang mga bakunang nakalista ay libreng binibigay ayon sa mga kondisyon: Kung sa mga sumusunod na kaso ①～③ ay kwalipikado kayo, matatanggap ninyo ito nang walang bayad (kung hindi kayo kwalipikado kailangang bayaran ang angkop na singil )

① Katibayan na nakatira sa bayan ang inyong anak na pinapakita ng isang Resident Record o abiso mula sa Immigration Bureau,

② Dalhin ang inyong anak sa nakalistang ospital o sa public health center sa takdang oras ng bakuna gaya ng sinabi ng inyong lokal na munisipyo o ward office,

③ Kailangang maganda ang kondisyon ng kalusugan ang inyong anak para mabigyan ng bakuna.

Ang iskedyul at bayad sa bakuna ay nagkakaiba, depende sa bawat munisipyo. Kung kaya't maiging siguraduhin muna sa inyong lokal na munisipyo o ward office, o sa iyong lokal na public health center bago gawin ang pagpa-bakuna. Dalhin ang inyong Health Handbook para sa Sanggol at Ina.

Isinalin sa iba't ibang wika ang handbook ng "Pagpa-bakuna ng mga bata at ang kanilang kalusugan", sa (English, Chinese, Korean, Vietnamese, Spanish, Portuguese, Thai, Indonesian, Tagalog, Nepali) at ito ay maaring i-download mula sa Vaccination Research Center Foundation's website. Kasama dito ang impormasyon tungkol sa mga bakuna at mga sakit na maaaring mabigyan ng bakuna.

URL : https://www.yoboseshu-rc.com/pages/8/

**4 Nurseries at Nintei Kodomo-en (Centers para sa pag-aalaga at edukasyon ng mga bata)**

Ang mga Nursery schools ay mga pasilidad na nagbibigay ng day care services para sa mga batang hindi pa pumapasok sa elementarya, na hindi maalagaan ng kanilang mga magulang sa iba't ibang kadahilanan gaya ng maysakit o parehong nagtratrabaho. Maaaring ipasok dito ang mga sanggol at mga batang hindi pa pumapasok sa elementarya.

Ang mga batang may edad 3 taong gulang hanggang 5 taon gulang ay libre ang pagpapa-alaga. Para sa mga sanggol hanggang 2 taon gulang, ang bayad sa pagpa-alaga ay depende sa patakaran ng musipyo kung saan nakatira at sa income ng mga magulang.

Para sa aplikasyon sa pagpasok sa nursery school, makipag-ugnayan sa tanggapan ng Children's Welfare Division ng inyong munisipyo o ward office.

Ang **nintei kodomo-en** ay awtorisadong pasilidad para sa mga batang may edad 0 hanggang 5 taon gulang, na katulad ng isang kindergarten at daycare center. Ang mga bata na may edad 3 hanggang 5 taon gulang ay inaalagaan at tinuturuan, nagtratrabaho man o hindi ang kanilang mga magulang.

Ang bayad sa pagpapa-alaga sa isang nintei kodomo-en ay kasintulad din ng sa nursery o daycare. Para sa aplikasyon sa nintei kodomo-en makipag-ugnayan sa pasilidad o sa seksyon ng pag-aalaga ng bata ng munisipyo.

Sa Saitama Prefecture ang mga magulang ay ini-enganyo sa positibong pamamaraan ng pagpapalaki ng mga bata, kagaya ng (1) masayang pamumuhay (2)pakikipag-ugnayan sa ibang tao (3)pagkakaroon ng libangan. Ang babasahin para sa pamilya ay nakalathala sa Nihongo, simpleng Nihongo at iba pang mga dayuhang wika (English, Chinese, Spanish, Portuguese, Tagalog, Korean, North Korean, Vietnamese, Indonesian) at mababasa lahat sa website na nasa ibaba. Gamitin kung kinakailangan.
URL: https://www.pref.saitama.lg.jp/f2214/mebae02/mebae-panfuri-fu.html

**5 Pasilidad para sa paalagaan ng mga bata, Suporta para sa mag-iina lamang na pamilya at Pasilidad sa panganganak**

May mga pampublikong pasilidad na paalagaan ng mga bata kung saan maaring tumigil o tumira ang mga batang hindi nabibigyan ng tamang pag-asikaso sa kanilang bahay ng kanilang mga magulang dahil sila ay may sakit o dahil sa kakulangan sa panggastos. Ang angkop na edad ay mula 0 hanggang 18 taong gulang. Para sa detalye, makipag-ugnayan sa tanggapan para sa konsultasyon ukol sa mga bata sa inyong lokal na munisipyo.

Ang pasilidad para sa suporta ng mga pamilyang mag-iina lamang ay kumukupkop sa mga single mothers at sa kanilang mga anak para manuluyan sa pasilidad habang tumatanggap ng suporta para sa maayos na pamumuhay.

Ang pasilidad para sa panganganak ay tumutulong sa mga buntis na walang kakayahang pinansyal at nag-aalok ng pansamantalang tirahan habang naghihintay ng panganganak.

Para sa detalye at impormasyon tungkol sa pasilidad para sa pag-suporta ng mga pamilyang mag-iina lamang o pasilidad para sa panganganak, makipag-ugnayan sa tanggapan para sa Konsultasyon ukol sa mga bata sa inyong lokal na munisipyo.

**6 Suporta para sa gastusing medikal ng mga bata**

Tulong para sa gastusing medikal ng mga sanggol at mga bata na may espesyal na pangangailangan ay binibigay kapag kayo ay nakarehistro bilang residente (na-isyuhan ng Residence Card ) at ang bata ay nakalista sa isang medical insurance.

**(1) Gastusin sa pag-aalaga at pagpapagamot ng Premature Baby**

Kung ang sanggol ay pinanganak na may timbang na 2,000g o mas mababa at may diperensya o kakulangan sa bahagi ng katawan, ang Saitama Prefecture ang sasagot ng bahagi o buong gastusin sa paggagamot. Ito ay base sa kita ng mag-anak at batay sa kasunduan na ang sanggol ay ipapasok sa nakatalagang ospital. Ang Saitama Prefecture at ang munisipyo ay tutulong sa gastusin hanggang sa sumapit ang unang kaarawan ng bata.

Para sa mga detalye, tumawag sa tagapamahala ng pag-aalaga at pagpapagamot ng premature baby.

**(2) Gastusing medikal ng mga bata**

Ang pagsasauli ng nagugol na bahagi ng gastos para sa pagpapagamot ng bata na hindi sakop ng insurance ay maaaring makuha sa munisipyo. Ang edad ng bata ay magkakaiba depende sa batayan ng bawat munisipyo.

Para sa dagdag na kaalaman, makipag-ugnayan sa tanggapan ng Children’s Welfare Desk ng munisipyo o ward office.

**(3) Serbisyo at suporta para sa mga may kapansanan /Suporta sa pagpapagamot ng mga batang may potensyal na magkaroon ng kapansanan**

Ang medikal na gastusin para sa mga may kapansanang bata na may edad na 18 o mas bata, na babayaran sana ng kanyang pamilya ay sasagutin ng lokal na pamahalaan (depende sa pinansyal na estado ng pamilya). Ito sa base sa kasunduan na ang paggagamot ay gagawin sa itinalagang ospital at may nakikitang pagbuti o paggaling sa pasyente.

Para sa detalye, makipag-ugnayan sa tagapamahala ng medical service para sa mga bata na mayroong kapansanan sa inyong munisipyo o ward office.

**(4) Suporta sa pagpapagamot ng mga batang may chronic diseases at iba pang malubhang sakit**

Isang bahagi o buong gastusin para sa pagpapagamot ng pamilya sa anak na 18 taong gulang o mas bata na nakamana o nagkaroon ng sakit gaya ng chronic nephritis, malignant cancer o isang congenital metabolic disorder, ay sasagutin ng Saitama Prefecture. Ito ay base sa kasunduan na ang paggagamot ay itutuloy sa nakatalagang ospital..

Makipag-ugnayan sa public health center na malapit sa inyong tirahan.

---

**7 Suporta para sa mga bata**

Isang allowance ang binibigay sa mga nag-aalaga at nag-aaruga sa mga batang mula 0

~ 15 taong gulang (hanggang sa ika- 31 ng Marso ng fiscal year matapos ang kanilang ika-15 na kaarawan) ay karapat dapat, ngunit kailangang ang mga magulang at anak ay dapat magkaroon ng isang address sa Japan (hindi kasama ang mga bata na nag aaral sa ibang bansa). Para sa impormasyon, makipag-ugnayan sa tanggapan ng Children’s Welfare Desk ng munisipyo o ward office.
Mula Oktubre 2024, magbabago ang mga kundisyong ito upang isama ang mga taong nagpapalaki ng mga bata na may edad hanggang 18 taong gulang (hanggang Marso 31 pagkatapos ng kanilang ikalabing walong kaarawan).

## 8 Suporta para sa mga bata at sa pamilya

### (1) Suporta o allowance sa pag-aalaga ng bata

Ang allowance na ito ay para sa mga nanay o tatay na mag-isang itinataguyod ang pamilya o kung maysakit ang nanay o ang tatay. Binibigay sa nag-aalaga hanggang Marso, 31 ng fiscal year matapos ang ika- 18 na kaarawan ng bata. Tandaan lamang na ang batayan sa pagpili ay base sa kita ng pamilya. Para sa mga impormasyon, makipag-ugnayan sa tanggapan ng Children’s Welfare Desk ng inyong munisipyo o ward office.

### (2) Suporta o allowance para sa mga batang may kapansanan

Isang allowance ang binibigay sa sinuman na nag-aalaga sa mga bata na may edad na 20 taon gulang o mas bata, na may kapansanan, pisikal o mental man. Tandaan lamang na may batayan base sa kita ng pamilya na tinitingnan. Para sa detalye tumawag o pumunta sa tanggapan ng Children’s Welfare Desk o Disability Welfare Department of the Prefectural Welfare and General Health Center.

### (3) Welfare loan para sa mga single mother, single father at mga balo

Ang pagpapautang o welfare loan ay binibigay sa mga tumatayong nag-iisang magulang at mga balo na nagpapalaki ng mga batang wala pang 20 taong gulang (mga dating ina ng mga pamilyang nag iisang ina at nakakatugon sa mga kondisyon) na may anak na inaaruga na may edad na 20 o mas bata, para makatulong sa gastusin sa pag-aaral, pagpapagamot, at paglilipat ng tirahan. Makipag-ugnayan sa tanggapan ng Children’s Welfare Desk sa inyong lokal na munisipyo o ward office o sa tanggapan ng welfare ng prepektura.

☎ **Maaring tawagan para sa konsultasyon at iba pang impormasyon :**

| Welfare Center | Telephono | Address | Oras |
|---|---|---|---|
| Tobu Chuo Welfare Office | 048-737-2359 | 1-76 Onuma, Kasugabe-shi | Lunes – Biyernes (Maliban kung pista opisyal at Bagong Taon) 8:30 – 17:15 |
| Seibu Welfare Office | 049-283-6780 | 2327-1 Ishii, Sakado-shi | |
| Hokubu Welfare Office | 0495-22-0140 | 1-8-12 Maebara, Honjo-shi | |
| Chichibu Welfare Office | 0494-22-6228 | 8-18 Sakuragi-cho, Chichibu-shi | |

**(4) Suporta o medical allowance para sa Single Parents**

Ang allowance na ito ay para sa mga tumatayong mag-isang magulang, nanay o tatay man, ng mga bata na hanggang 18 taong gulang (hanggang March 31 ng fiscal year matapos ang ika-18 kaarawan ng bata) o 19 taong gulang na bata na mayroong kapansanan. Ito ay nagbabalik ng ibinayad sa pagpapagamot na hindi sakop ng insurance. Tandaan lamang na may batayan para sa pagbibigay ng serbisyong ito base sa kita ng pamilya. Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa pagbabalik ng ibinayad, magtanong sa tanggapan ng Children’s Welfare Desk o sa Health Insurance Desk ng inyong munisipyo o ward office.

**9 Tanggapan para sa konsultasyon tungkol sa mga bata**

Ang tanggapan **para sa konsultasyon tungkol sa mga bata** ay nagbibigay ng pangkalahatang pagpapayo at pagsuporta sa mga batang may edad na 0 taon gulang hanggang bago sumapit ang ika-18 taong gulang.

☎ **Maaring tawagan para sa konsultasyon at iba pang impormasyon :**

| Tanggapan | Telepono | Address | Oras |
|---|---|---|---|
| Chuo Children's Counseling Office | 048-775-4152 | 1242-1 Ageo-mura, Ageo-shi | Lunes – Biyernes (Maliban pag pista opisyal at Bagong Taon) 8:30 – 18:15 |
| Minami Children's Counseling Office | 048-262-4152 | 1-1-56 Shibashimo, Kawaguchi-Shi | |
| Kawagoe Children's Counseling Office | 049-223-4152 | 33-1 Miyamoto-cho, Kawagoe-shi | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Tokorozawa Children's Counseling Office | 04-2992-4152 | 1-9-2 Namiki, Tokorozawa-shi | |
| Kumagaya Children's Counseling Office | 048-521-4152 | 5-13-1 Hakota, Kumagaya-shi | |
| Koshigaya Children's Counseling Office | 048-975-4152 | 402-1 Onma, Koshigaya-shi | |
| Soka-shi Children's Counseling Office | 048-920-4152 | 425-2 Nishi-cho, Soka-shi | |
| Saitama City (north area) Children's Counseling Office | 048-711-3917 | 4-4-10 Kamikizaki, Urawa-ku, Saitama-shi Saitama City Children's Family Center "Aiparet" 4th floor | Lunes – Biyernes (maliban pag pista opisya at Bagong Taon) 8:30 – 18:00 |
| Saitama City (south area) Children's Counseling Office | 048-711-2489 | | |

**10 Support Centers sa mga distrito para sa pag-aalaga ng mga bata**

Mayroon mga support centers sa inyong distrito kung saan maaari ninyong dalhin ang inyong mga anak na may edad mula 0 taong gulang. Maaari silang maglaro at magkakaroon din kayo ng mga bagong kakilala na iba pang mga magulang at mga bata. Tinatawag din itong mga meeting plazas at support centers para sa pag-aalaga ng mga bata. Maaari din kayong magtanong at makahingi ng mga payo tungkol sa pagpapalaki at pag-aalaga ng mga bata.

Karamihan sa mga centers na ito ay libre pero ang iba ay nanghihingi ng konting bayad sa paggamit ng pasilidad. Ang mga ito ay nasa loob ng siyudad, bayan at mga barangay. Para sa detalye, magtanong sa tanggapan ng Childrearing Assistance Division.

**11 Support Centers para sa pamilya**

Ang Support Centers para sa pamilya ay binubuo ng mga taong makakatulong sa inyo sa pag-aalaga ng inyong mga anak. Isang halimbawa ay ang serbisyong paghahatid-sundo nila sa inyong anak sa pagpasok sa day care at pag-uwi sa inyong bahay, o kaya'y magtitingin sa kanya/kanila habang wala kayo sa bahay.

Kinakailangan lamang magpalista bago makagamit ng serbisyo at may singil na babayaran para sa mga serbisyong kagaya ng sa paghahatid-sundo sa inyong anak o sa pag-aalaga sa kanila. Magkakaiba ang hinihinging kabayaran sa bawat siyudad, bayan at barangay, subalit ito ay humigit kumulang ay 700 yen kada oras. Para sa detalye, magtanong sa tanggapan ng Childrearing Assistance Division.

## 12　Center para sa mga bata

Ang Center para sa mga bata ay kung saan maaring dalhin ng mga magulang ang kanilang mga anak (karamihan ay mga estudyante sa elementary at junior high school) para sila ay makapaglaro. Walang bayad sa paggamit nito.

Mayroong mga klase sa ehersisyo, paggawa ng mga handicrafts, at iba’t ibang talakayan ng mga grupo. (May mga pagkakataon na nanghihingi sila ng konting bayad para sa gagamiting mga materyales.)

Para sa detalye, magtanong sa tanggapan ng Childrearing Assistance Division.